**INTERNATIONAL NAPASA ( February 18th 2025 )**

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa February 23 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa February 26 (Wednesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***URAWA REDS.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa February 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Haru Iro Concert"*** ang Caprice Group na nagtatampok ng flute, clarinet at piano mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon at isasagawa ang ***"Haru o yobu Scarf・arrange"*** ni Karyu Satoko San.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 4)PAGTATANGHAL NG MGA PRODUKTO AT TURISMO NG HANAMAKI CITY

花巻市の物産と観光展のお知らせ

Mula February 21 (Friday) hanggang February 24 (Monday) magkakaroon ng pagtatanghal ng turismo at mga produkto ng ***HANAMAKI CITY*** sa Shimin Plaza sa lugar ng Beniyacho. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon, subalit ang huling araw ng 24 (Monday) ay matatapos ng hanggang 5:00 ng hapon lamang. Makakabili ng iba't-ibang mga produkto tulad ng Bigas, mga Pickles (Tsukemono), Mansanas, Wine, Rice Cracker (Senbei), Chichirya at iba pa. Makaka-panalo rin ng Alak at Espesyal na Produkto

ng ***HANAMAKI CITY*** sa gaganaping palabunutan sa 30 taong naunang dumating. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***CULTURAL EXCHANGE DIVISION (BUNKA KOURYU KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0633-25-2520).**